

Mga sapilitan na ipinag-uutos

Ang mga ipinag-uutos na hakbang sa kalusugan ng publiko ay may bisa sa buong Alberta upang ihinto ang pagtaas ng COVID-19 at protektahan ang sistema ng pangkalusugan.

Pangkalahatang-ideya

Ang ipinag-uutos na mga paghihigpit sa pangkalusugan ng publiko ay may bisa sa buong lalawigan. Nalalapat ang mga karagdagang paghihigpit sa mga pamayanan na may mataas na rate ng kaso - hindi bababa sa 50 kaso bawat 100,000 katao at hindi bababa sa 30 aktibong kaso. Ang mga pamayanan na may mas mababang aktibong mga kaso ay dapat magpatuloy sa pagsunod sa lahat ng mga paghihigpit sa buong lalawigan.

Ang mga paghihigpit na ito ay mananatiling nakalaan ng hindi bababa sa 3 linggo, kahit na bumaba ang mga aktibong kaso ng isang komunidad.

[Tignan ang bilang ng mga aktibong kaso sa iyong rehiyon.](#)

Mga pagtitipon

Mga pagtitipong panloob

Ipinagbabawal ang lahat ng panloob na pagtitipong panlipunan.

- Ang mga indibidwal na namumuhay mag-isa at nag-iisang magulang na nakatirang kasama lamang ang mga anak na wala pang 18 taong

gulang ay maaaring pumili ng dalawang tao na maaari nilang bisitahin sa mga paghihigpit na ito.

Mga pagtitipong panlabas

Ang lahat ng panlipunang pagtitipon ay hindi dapat magkaroon ng panloob na bagay at limitado sa:

- 5 katao ang maximum sa mga lugar na mataas ang kaso
- 10 katao ang maximum sa mga lugar na mas mababang kaso

Mga kasal at libing

- Ipinagbabawal ang mga pagtanggap sa kasal at libing.
- Ang mga seremonya sa kasal ay limitado sa 10 katao.
- Ang mga serbisyo sa libing ay limitado sa 10 katao sa mga lugar na may mataas na kaso, at 20 katao sa mga lugar na mas maliit ang kaso.

Mga lugar ng pagsamba

Ang pagdalo ng personal para sa lahat ng mga lugar ng pagsamba ay limitado sa:

- 15 na dadalo ang maximum sa mga lugar na mataas ang kaso
- 15% fire code occupancy sa mga mas mababang kaso
- Ang pagsusuot ng mask ay sapilitan

- Ang mga taong nasa isang sambahayan ay dapat manatili ng dalawang metro ang layo mula sa iba pang mga sambahayan sa lahat ng oras.

Pagsuot ng Mask

- Ang mga pagsuot ng mask ay sapilitan sa lahat ng panloob na pampublikong lugar, lugar ng trabaho at lugar ng pagsamba.

Pag-iwas sa paghahawa sa lugar ng trabaho

- Ang pagtatrabaho mula sa bahay ay sapilitan sa buong lalawigan maliban kung ang isang tagapag-employo ay nangangailangan ng pisikal na pagkakaroon ng isang empleyado upang gumana nang epektibo.
- Sa mga lugar na mataas ang kaso, ang anumang lugar ng trabaho na may paghahawa ng 3 o higit pang mga kaso ay kinakailangang magsara sa loob ng 10 araw. Ang mga kampo sa trabaho, mahahalaga at kritikal na serbisyo ay hindi kasama.

Mga paghihigpit sa negosyo

Mga pasilidad sa libangan

- Ang mga pasilidad sa libangan ay dapat manatiling sarado sa buong lalawigan. Kasama sa mga halimbawa ang mga teatro, casino, nightclub, museo at aklatan.
- Ang mga bulwagan ng komunidad, mga banquet hall at mga sentro ng pagpupulong ay maaaring buksan para sa kasalukuyang pinahihintulatang mga aktibidad.

Mga serbisyong pampagkain

Ang mga restawran, pub, bar, lounge at cafe ay maaaring buksan para sa pag-takeout, pickup sa curbside, at paghahatid lamang. Hindi pinahihintulutan ang personal na serbisyo, kabilang ang patio dining.

Mga serbisyong retail

Ang lahat ng mga serbisyong retail at shopping mall ay dapat na bawasan ang kapasidad ng customer, hindi kasama ang mga tauhan, hanggang:

- 10% ng fire code occupancy sa mga rehiyonng mataas na kaso
- 15% ng fire code occupancy sa mga rehiyonng mababa na kaso

Mga serbisyong pangkalusugan at propesyonal

Ang mga serbisyong pangkalusugan at pangpropesyonal ay maaaring buksan sa pamamagitan ng appointment lamang para sa mga serbisyo na isa sa isa. Dapat sundin ang lahat ng patnubay sa pangkalusugan at sektor ng publiko.

Kasama sa mga halimbawa ang mga dentista, optometrist, therapist, acupuncturist, abogado at accountant.

Mga serbisyong pangpersonal at sa kalusugan at kaayusan

Ang mga serbisyong pangpersonal at sa kalusugan at kaayusann ay dapat na ganap na magsara sa mga lugar na may mataas na kaso. Sa mga mas mababang kaso na lugar, maaari silang manatiling bukas sa pamamagitan lamang ng appointment. Kasama sa mga halimbawa ang mga salon ng buhok at kuko, mga tattoo parlor at serbisyong estetika.

Mga aktibidad sa pagganap, isport at pisikal

Mga panloob na aktibidad

- Lahat ng panloob na isport, libangan at mga aktibidad sa pagganap ay ipinagbabawal sa buong lalawigan.
- Lahat ng panloob na pasilidad ng fitness ay dapat na isara (kabilang ang para sa isa-sa-isang pagsasanay).

Mga panlabas na aktibidad

- Sa mga lugar na may mataas na kaso, ang lahat ng mga panlabas na fitness, libangan at mga aktibidad sa pagganap ay ipinagbabawal sa mga lugar na may mataas na kaso, maliban sa mga miyembro ng iyong sariling sambahayan o

sa iyong dalawang malapit na contact kung nakatira kang mag-isa.

- Sa mga lugar na mababa ang kaso, pinapayagan ang mga limitadong panlabas na fitness, libangan at mga aktibidad sa pagganap na may 10 kalahok na maximum at ipinag-uutos na dalawang metro ang distansya sa pagitan ng mga kasapi ng iba't ibang sambahayan sa lahat ng oras.